

## Pangunahing mga Tampok ng YETP

### *Pagsasanay sa Pagtagal sa Lugar ng Trabaho (WPA)*

- Ang mga nagsasanay ay maaaring sumailalim sa pagsasanay pagtagal sa lugar ng trabaho bilang mga hindi nagtatrabaho upang makakuha ng karanasan sa pagtrabaho ng 1 buwan.
- Maaaring mag-apply ng attachment allowance na ang mga nagsasanay matapos makumpleto ang pagsaanay nang may 80% antas na pagdalo o higit pa.

### *Buong Oras/Hindi buong oras na Pagsasanay Habang nasa Trabaho (OJT)*

- Magtatrabaho ang mga nagsasanay bilang mga empleyado na mayroong sweldo sa loobg ng 6-12 buwan.
- Ang mga nagpapatrabaho ay magtatalaga ng kasalukuyang kawani nang may naaangkop na karanasan sa trabaho bilang mga gabay sa mga nagsasanay at magbigay sa kanila ng naaangkop na gabay at trabaho.

### *Pagsasanay ng Bokasyonal sa labas ng trabaho*

- Habang nasa yugto ng pagsasanay habang nasa trabaho, ang mga nagsasanay ay maaaring mag-enrol sa mga naaangkop na na paksa sa pagsasanay na bokasyonal sa labas ng trabaho o mga pagsusulit.  Ang mga nagsasanay ay maaaring mag-aplay para sa pagbabalik ng bayad sa paksa o bayad sa pagsusulit hanggang $4,000 mula sa YETP.

**Mga Katanungan**

**Hotline:** 2112 9932

**Website:** www.yes.labour.gov.hk
(Ang rehistrasyon online ay maaaring makuha ng mga aplikante edad 18 o pataas)

**Email:** enquiry@yes.labour.gov.hk

(01/2025)

勞工處
Labour Department

展翅 青年就業計劃

# YETP

## Programa ng Pagsasanay at Pagtatrabaho ng Kabataan

Youth Employment and Training Programme (Tagalog Version)





# Programa ng Pagsasanay at Pagtatrabaho ng Kabataan (YETP)

Ang Programa ng Pagsasanay at Pagtatrabaho ng Kabataan (YETP) ng Kagawaran ng Paggawa ay nagbibigay ng libre at malawak na serbisyong pagsuporta sa pagtatrabaho para sa mga kabataan, na tumutulong sa kanila na mas lalong maintindihan ang kanilang mga sarili at  tungosa kanilang trabaho, upang mapaghusay nila ang kanilang galling at karanasan.  Ang mga kabataang may edad na 15 hanggang 29 taong gulang na natapos ang antas  ang sub-degree o mas mababa pa ay hinihikayat.

Ang bawat nagsasanay ay mag e-enroll sa ilalim ng YETP at maaaring makakuha ng 12-buwang yugto sa pangunahing pagsasanay at ililipat sa tagapamahala ng kaso, na isang rehistradong kawaning panlipunan, upang magbigay ng gabay sa karera at suporta sa buong yugto ng serbisyo.

Para sa mga pangangailangan ng kabataan sa natatanging pagtatrabaho at pagsasanay (hal. ang mga tao na galing sa iba't ibang lahi), pagkatapos ng unang  pagsisiyasat, maaari silang mag-enroll sa mga Kasanayan sa Pagsasanay o mag-aplay para sa Pagsasanay tungkol sa Pagkalakip sa Lugar ng Trabaho (WPA) o Pagsasanay habang nasa trabaho (OJT) sa rekomendasyon ng mga tagapamahala ng  pagtatrabaho.

## Pangunahing mga Tampok ng YETP

### Gabay sa Karera

- Ang mga nagsasanay ay makatatanggap ng personal na paggabay sa karera at suporta pagkatapos ng trabaho mula sa mga propersyunal na kawani ng lipunan.

### Mga Paksa sa Pagsasanay

- Aalalayan ng mga tagapamahala ng pagtatrabahao ng YETP ang mga nagsasanay sa pagpili at pag-enroll sa mga naaangkop na paksa sa pagsasanay ng **Lupon ng Muling Pagsasanay ng mga Nagtatrabaho (ERB)** (kabilang na ang mga paksa sa pagsasanay ng kabataan, iba pang paksa ng pagsasanay ng kasanayang bokasyonal na sumasakop sa iba't ibang mga industriya at paksa sa pangkalahatang kasanayan) o mga paksa sa kasanayan para sa mga natatanging proyekto ng pagtrabaho at mga tukoy na serbisyo sa ilalim ng **YETP**.

### Allowance sa Pagsasanay

- Ang mga kwalipikadong magsasanay na dumadalo sa paksa ng kasanayan ng ERB o ng YETP sa pamamagitan ng Programa at mayroong 80% ng pagdalo o pataas ay maaaring mag-aplay para sa allowance sa pagsasanay. Sa ilalim ng YETP, ang halaga ng allowance ng pagsasanay na ibabayad sa mga kurso ng "Programa ng Pagsasanay ng Kabataan" ng ERB ay binibilang sa halagang $167 kada balidong araw ng pagsasanay, habang para sa mga paksa ng ERB at paksa ng YETP ay bibilangin sa halagang $333 kada araw (i.e. $166.5 kada balidong sesyon ng pagsasanay).

